

EUCARISTÍA

Ika-6 ng Hunyo

Santa Bonifacia Rodriguez de Castro, birhen

Dakilang Kapistahan

Antipona sa Pagpasok

Salmo 37: 3 -4

Manalig sa Panginoon at gumawa ng mabuti,
nang manahan ka sa lupain at mamuhay ng mapanatag.
Masiyahan sa Panginoon,
at ibibigay niya sa iyo ang nais ng iyong puso.

Bibigkasin ang **Luwalhati**

Pambungad sa Panalangin

Diyos na aming Ama,
tinawag mo si Santa Bonifacia, birhen,
na sumunod sa iyong Anak sa kanyang tagong buhay
at sa paglilingkod sa mga dukha
pinag-uugnay ang panalangin at paggawa.
Ipagkaloob mong pakundangan
sa kanyang halimbawa'y matagpuan namin
ang iyong paghahari sa buong sanlibutan
at buong kagalakan naming makamit sa iyong tahanan
ang pagpapala mong walang katapusan.
Sa pamamagitan ni Hesukristo aming Panginoon.

Bibigkasin ang **Pananampalataya**

Panalangin ukol sa mga Alay

Sa araw na ito, Panginoon,
buong galak naming iniaalay sa iyo
itong banal na sakripisyo
na siyang paggunita naming
sa maluwalhating tagumpay ni Santa Bonifacia.
Ito ang pagpapahayag ng iyong kadakilaan
habang napupuno kami ng kagalakan
dahil pinagkalooban mo kami na makapangyarihang tagapagdasal.
Sa pamamagitan ni Kristong amingPanginoon. .

Antipona sa Komunyon

Jn. 12.26

Kung sinuman ang may nagnanais na ako'y paglingkuran, sundan niya ako;
kung nasaan ako, naroon din ang aking lingkod.

Panalangin Pagpakomunyon

Ama, ang iyong Igkesy nawa
ay makatanggap ng lubos na kaligtasang
bunga ng sakramentong ito,
na ang dulot ay lakas sa kapistahan ni Santa Bonifacia.
Siya na nagging kaningningan ng Simbahan
sa kaniyang buhay-gawain sa paglilingkod sa mga dukha,
ay maging tagapagtanggol nila sa langit.
Sa pamamagitan ni Jesu-Kristong, aming Panginoon.

Ika-6 ng Hunyo

Santa Bonifacia Rodriguez de Castro, birhen
Dakilang Kapistahan

PANAHOON NG PASKWA

UNANG PAGBASA

Mga Gawa ng Apostol 2:42-47

“Nagsama-sama ang lahat ng sumasampalataya, at para sa lahat ang kanilang ari-arian.”

Ang mga kapatid ay nanatili sa itinuro ng mga apostol, sa pagsasama-sama bilang magkakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at panalangin.

Dahil sa maraming himalang nagawa sa pamamagitan ng mga apostol, naghari sa lahat ang magkahalaong pitagan at takot. At nagsama-sama ang lahat ng sumasampalataya at para sa lahat ang kanilang ari-arian. Ipinagbibili nila ito at ang pinagbilhan ay ipinamamahagi sa lahat ayon sa pangangailangan ng bawat isa. Araw-araw, sila’y nagkakatipon sa templo, naghahati-hati ng tinapay sa kanilang tahanan, at nagsasalu-salong Masaya ang kalooban. Nagpupuri sila sa Diyos at kinalulugdan ng lahat ng tao. Bawat araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga inililigtas.

Salmo Responsorio

Slm. 118: 2-4. 13-15. 22-24 R/P 17,1

R/ (1) Butihing Poo’y purihin, pag-ibig n’ya’y walang maliw.
O kaya Aleluya

V/ Ang taga-Israel,
bayaang sabihi’t kanilang ihayag,
“Ang pag-ibig ng Diyos, ay hindi kukupas.”
Mga saserdote
ng Diyos na Panginoon, bayaang magsaysay:
“Ang pag-ibig ng Diyos, walang katapusan.”
Lahat ng may takot sa Panginoon Diyos, dapat magpahayag
“Ang pag-ibig n’ya’y hindi magwawakas.”

R/ (1) Butihing Poo’y purihin, pag-ibig n’ya’y walang maliw.

V/ Sinalakay ako’t
halos magtagumpay ang mga kaaway,
dahilan sa Poon sila’y napipilan.
Dahilan sa Poon, ako’y pinalakas at tumatag;
siya, sa buhay ko, ang Tagapagligtas.
Dinggin ang masayang sigawan sa tolda ng mga hinirang:

“Panginoon’y siyang lakas na patnubay.”

R/ (1) Butihing Poo’y purihin, pag-ibig n’ya’y walang maliw.

V/ Ang batong natakwil
ng nangagtatayo ng tirahang-bahay,
sa lahat ng bato’y higit na mahusay.
Ang lahat ng ito
ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos,
Kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod.

R/ (1) Butihing Poo’y purihin, pag-ibig n’ya’y walang maliw.

KARANIWANG PANAHOON

UNANG PAGBASA

Is. 42: 1-4. 6-7:

“Ito ang lingkod kong kinalulugdan.”

Sinabi ng Panginoon, “Ito ang lingkod kong kinalulugdan;
ibubuhos ko sa kanya ang aking Espiritu,
at sa mga bansa ay siya ang magpapairal ng katarungan.
Mahinahon at banayad kung siya’y magsalita,
ni hindi magtataas ng kanyang tinig.
Ang marupok na tambo ay hindi babaliin,
ilaw na aandap-andap di n’ya papatayin,
at ang katarungan ang paiiralin.
Di siya mawawalan ng pag-asa ni masisiraan ng loob,
paghahariin niya ang katarungan sa daigdig.
Ang mga bansa sa malayo ay buong pananabik
na maghihintay sa kanyang mga turo.
Akong Panginoon, tumawag sa iyo, binigyan kita ng kapangyarihan
upang pairalin ang katarungan sa daigdig.
Sa pamamagitan mo ay gagawa ako
ng pakikipagtipan sa lahat ng tao
At magdadala ng liwanag sa lahat ng bansa.
Ikaw ang magpapadilat sa mga bulag
at magpapalaya sa mga bilanggo ng kadiliman.”

Salmo Responsorio

Slm 118: 2-4. 13-15. 22-24

R/ Butihing Poo’y purihin, pag-ibig n’ya’y walang maliw.

Magpakababa kayo tulad ni Kristo Jesus.

Mga Kapatid: nagbibigay ba sa inyo ng kasiglahan ang buhay na nakaugnay kay Kristo? Naaliw ba kayo ng kanyang pag-ibig? May pagkakaisa ba kayo sa Espiritu Santo? Kayo ba’y may nadaramang hangarin na tumulong sa iba? Kung gayon, lubusin ninyo ang aking kagalakan – maghari sa inyo ang pagkakasundo, mabuklod kayo ng iisang pag-ibig at maging isa kayo sa puso’t diwa. Huwag kayong gagawa ng anumang bagay dahil lamang sa hangad ninyong matanyag, bagkus magpakababa kayo at huwag ipalagay na kayo’y mabuti kaysa iba. Ipagmalasakit ninyo ang kapakanan ng iba, hindi lamang ang sa inyong sarili.

Magpakababa kayo tulad ni Kristo Jesus:

Na bagamat siya’y Diyos,
 hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos,
 bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos,
 nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin.
 Nang maging tao, siya’y nagpakababa
 at naging masunurin hanggang kamatayan,
 oo, hanggang kamatayan sa krus.
 Kaya naman, siya’y itinampok ng Diyos
 At binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan.
 Anupat ang lahat ng nilalang na nasa langit, at nasa lupa
 at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya.
 At ipapahayag ng lahat na si Hesukristo ang Panginoon,
 Sa ikararangal ng Diyos Ama.

Ito ang Salita ng Diyos.

Aleluya Is. 61, 1

Aleluya, aleluya
 Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon
 Sinugo niya ako upang ipangaral ang mabuting balita sa mga dukha
 Aleluya.

“Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat hinirang niya ako.”

Noong panahong iyon, umuwi si Jesus sa Nazaret na kanyang nilakhan. Gaya ng kanyang kinagawian, pumasok siya sa sinagoga nang Araw ng Pamamahinga. Tumindig siya upang

bumasa; at ibinigay sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias. Binuksan niya ang aklat sa dakong kinasusulatan ng ganito:

“Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon,
sapagkat hinirang niya ako
upang ipangaral sa mga dukha ang Mabuting Balita.
Sinugo niya ako upang ipahayag sa mga bihag na sila’y lalaya,
at sa mga bulag na sila’y makakikita;
upang bigyang kaluwagan ang mga sinisiil,
at ipahayag ang pagliligtas na gagawin ng Panginoon.”

Binalumbon niya ang kasulatan, at matapos isauli sa tagapaglingkod, siya’y naupo. Nakatitig sa kanya ang lahat ng nasa sinagoga. At sinabi niya sa kanila:”Natupad ngayon ang bahaging ito ng Kasulatan samantalang nakikinig kayo.” Pinuri siya ng lahat, at namangha sa kanyang napakahusay na pananalita. “Hindi ba ito ang anak ni Jose?” tanong nila. Kaya’t sinabi ni Jesus, “Walang pagsalang babanggitin ninyo sa akin ang kawikaang ito: ‘Doktor, gamutin mo ang iyong sarili! Sasabihin din ninyo sa akin, ‘Gawin mo naman sa ‘yong sariling bayan ang mga nabalitaan naming ginawa mo sa Capernaum.’” At nagpatuloy ng pagsasalita si Hesus, “Tandaan ninyo: walang propetang kinikilala sa kanyang sariling bayan.

LITURGIA DE LAS HORAS

Ika -6 ng Hunyo

Santa Bonifacia Rodriguez de Castro, birhen

Dakilang Kapistahan

Si Bonifacia Rodriguez de Castro ay isinilang sa Salamanca, Espanya noong ika-6 ng Hunyo, 1837, sa isang mag-anak ng mga manggagawa. Nagsimula siyang maghanapbuhay sa gulang na labinlimang taon bilang isang tagagawa ng kurdon na ginagamit sa pananamit. Taglay ang malaking debosyon kay San Jose at kay Maria Imakulada, binuo niya ang Samahang Josefina sa kanyang maliit na talyer sa bahay kasama ng kanyang mga kaibigan. Katuwang ang Heswitang taga- Catalonia na si Francisco Butina, kanyang itinatag sa Salamanca noong taong 1874, ang Kongregasyon ng Siervas de San Jose para sa pangangalaga ng mga dukhang manggagawang babae. Ang espiritalidad nito ay naka-sentro sa pag-uugnay ng panalangin at paggawa sa kapayakan ng pang-araw-araw na buhay ayon sa halimbawa ng mag-anak sa Nasaret. Naranasan niya sa kanyang buhay ang pagsasantabi, paghamak at paninirang puri na tanging katahimikan at pagpapatawad ang kanyang naging pagtugon, mga tanda ng kanyang walang bahid na pagmamahal sa kapwa. Namatay siya sa Zamora, Espanya noong ika-8 ng Agosto, 1905.

Panalangin sa Takipsilim (I)

AWIT

Ant. 1 Purihin nawa and ngalan ng Panginoon, na gumawa sa akin ng mga kamangha-manghang mga gawa ng awa. (aleluya)

Salmo 113

Dapat na magpuri ang mga alipin,
Ang ngalan ng Panginoon ay dapat purihin.
Ang kanyang pangalan ay papupurihan,
Magmula ngayo't magpakailanman,
Buhat sa silangan, hanggang sa kanluran,
Ang ngalan ng Panginoon, pupurihing tunay.

Siya'y naghahari sa lahat ng bansa,
Lampas pa sa langit ang pagkadakila.
Walang makatulad ang Panginoon Diyos,
Na sa kalangitan doon naluluklok;
Buhat sa itaas siya'y tumutunghay,
Ang lupa at langit kanyang minamasdan.

Mula sa alabok ang mga mahirap,
Sa pagkalugami ay itinataas.
Sa mga prinsipe ay isinasama,
Nagiging prinsipe ang mga lingkod n'ya
Ang babaeng baog pinagpapala n'ya
Pinapag-aanak para lumigaya.

Ant. Purihin nawa and ngalan ng Panginoon, na gumawa sa akin ng mga kamangha-manghang mga gawa ng awa. (aleluya)

Ant. 2 Luwalhatiin ang Panginoon, sinasamahan kang tulad ng isang Ama; hanggang sa huli'y sinasamahan ka. (aleluya)

Salmo 147

Purihin mo, Jerusalem, purihin ang Panginoon,
Purihin mo ang Diyos, kayong mga taga-Sion.

Yaong mga pintuan mo ay siya ang nag-iingat,
Ang lahat ng iyong lingkod ay siya ang nagbabasbas.
Ginagawang matahimik yaaong mga hangganan mo,
Bibigyan kang kasiyahan sa kaloob niyang trigo.

Kung siya ay nag-uutos, agad itong matutupad,
Dumarating sa daigdig, na hindi na nagluluwat.
Singkapal ng damit-tupa yaong yelong pumapatak,
Para itong alikabok na sa lupa'y lumalagapak.

Mga yelong buo-buo, sinlaki ng munting bato,
Lumalagapak, na ang lamig di matiis kahit sino.
Ang yelo ay natutunaw, sa isa lang niyang utos,
Umiihip yaong hangi't ang tubig ay umaagos.

Kay Jacob n'ya ibinigay ang balita at pabilin,
Ang tuntuni't mga aral, ibinigay sa Israel.
Ang ganitong karapatan ay wala ang ibang bansa,
Pagkat hindi nila batid ang utos na itinakda.

Ant. Luwalhatiin ang Panginoon, sinasamahan kang tulad ng isang Ama; hanggang sa huli'y sinasamahan ka. (aleluya)

Ant. 3 Purihin ang Diyos, kay Kristo'y pinili ka, upang sa pagmamahal ika'y maging banal at walang kapintasan sa kaniyang harapan. (aleluya)

Awit

Efeso 1:3-10

Magpasalamat tayo sa Diyos
At Ama ng ating Panginoong Hesukristo!
Pinagkalooban niya tayo
Ng lahat ng pagpapalang espiritwal
Dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo.

At sa atin ngang pakikipag-isang ito;
Hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan
Upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya.

Dahil sa pag-ibig ng Diyos,
Tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya
sa pamamagitan ni Hesukristo.

Iyan ang kanyang layunin at kalooban.
Purihin natin siya
Dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin
Sa pamamagitan ang kanyang minamahal na Anak!

Tinubos tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan
At sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan,
Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin.

Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran
Upang lubos nating maunawaan
Ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan
Sa pamamagitan ni Kristo pagdating ng takdang panahon.

Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Kristo
Ang lahat ng nasa langit at nasa lupa.

Ant. Purihin ang Diyos, kay Kristo'y pinili ka, upang sa pagmamahal ika'y maging banal at walang kapintasan sa kaniyang harapan. (aleluya)

PAGBASA

Filipos 3:7-8

Ngunit dahil kay Kristo, ang mga bagay na maaari kong ibilang na pakinabang ay inari kong kalugihan. Oo, inari kong kalugihan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon.

TUGUNAN

Ang Panginoon ang aking pamana; batid ko ito sa aking puso (aleluya, aleluya).

- Ang Panginoon ang aking pamana; batid ko ito sa aking puso (aleluya, aleluya).

Ang Panginoon ay mabuti sa mga taong humahanap sa kanya;

- Batid ko ito sa aking puso (aleluya, aleluya)

Papuri sa Ama . . .

Ang Panginoon ay . . .

PAPURING AWIT NI MARIA

Ant. Bonifacia, babaeng manggagawa, nag-alay ng buhay sa paglilingkod sa ibang kababaihang manggagawa na naghahanap ng kanilang dangal, nagmahal sa kanila at inalagaan sila bilang kanyang kayamanan (aleluya)

PANALANGING PANGKALAHATAN

Magpasalamat tayo sa Panginoon sa buhay ni Santa Bonifacia na inilaan ang paglilingkod sa mga dukha at ating hilingin sa kanya:

Magalak nawa ang lahat ng mga umaasa sa iyo, Panginoon.

Pinasasalamatan ka namin, Panginoon, sa iyong pag-ibig na siyang nagmahal at tumawag sa amin araw-araw

- upang makapiling mo at maitatag ang iyong Kaharian.

Kami nawa, na iyong mga tapat na mananampalataya sa Iglesia ay maging asin at ilaw

- upang lahat ng nakakakita sa amin ay magbigay ng luwalhati sa ating Diyos Amang nasa langit.

Pinasasalamatan ka namin, Ama, dahil pinalakas mo ang buhay relihiyosa sa lahat ng panahon

- upang sa pagsunod kay Jesus, makalikha nawa ito ng mga lugar ng pagtanggap, dangal at pakikipag-isa at maipahayag ang Kaharian.

Maipagpatuloy nawa namin sa mga dukha ng mundo ng paggawa, bukod-tangi sa mga kababaihan

- ang misyon ng Ebanghelyo kung saan mo tinawag si Santa Bonifacia.

Malugod mong tinanggap sa iyong pag-ibig ang aming mga kapatid,

- at inanyayahan mo kami na iparating ang aming bigkis ng pagmamahalan at pakikipagkaibigan sa kanila sa pamamagitan ng kasamahan ng mga banal.

Ama Namin. . . .

Pangwakas na Panalangin

Diyos na aming Ama, tinawag mo si Santa Bonifacia, birhen, na sumunod sa iyong Anak sa kanyang tagong buhay at sa paglilingkod sa mga dukha pinag-uugnay ang panalangin at paggawa. Ipagkaloob mong pakundangan sa kanyang halimbawa'y matagpuan naming ang iyong paghahari sa buong sanlibutan at buong kagalakan naming makamit sa iyong tahanan ang pagpapala mong walang katapusan.

Sa pamamagitan ni Hesukristo aming Panginoon.

Paanyaya sa Panalangin

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

Ant. Halina, sambahin natin ang Panginoon sa kapistahang ito ni Santa Bonifacia (aleluya)

Salmo 95

Ang Salmo 95 ay maaring palitan ng Salmo 100, 67 o 24

(Bibigkasin ang antipona at pagkatapos ay uulitin)

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati'y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.

(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigas,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa meriba, sa ilang ng Masa,
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagama't nakita ang aking ginawang sila'ng nakinabang.

(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, “Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinusuway!”
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan.”

(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

(Uulitin ang Antipona)

Oficio ng Mga Pagbasa ng Kristiyano sa Maghapon

AWIT

SALMO

Ant. 1 Binuksan niya ang kanyang labi nang may karunungan at ang kanyang dila ay nagtuturo nang may kagandahang-loob. (aleluya)

Salmo 19 A

Kapurihan ng Diyos na maylikha sa lahat

*Magbubukang liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan. . .
at patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan. (Lucas 1:78,79)*

Ang langit ay naghahayag na ang Diyos ay dakila!
Malinaw na nagsasaad kung ano ang kanyang gawa!
Bawat araw, bawat gabi, ang ulat ay walang patlang,
Patuloy na nag-uulat sa sunod na gabi’t araw.

Walang tinig o salitang ginagamit kung sabagay,
At wala ring naririnig na kahit sa anong ingay;
Gayon pa man, sa daigdig ay laganap yaong tinig,
Ang balita’y umaabot sa duluhan ng daigdig.

Itong Diyos ay nagtayo ng tolda sa kalangitan,
Mula roon, kung umaga’y lumalabas itong araw;
Katulad ng naglalakad na lalaking ikakasal,
Parang isang manlalaro na handang makipaglaban.

Sa silangan sumisikat, lumulubog sa kanluran
Init niyo'y nadarama ng lahat sa daigdigang..

Ant. Binuksan niya ang kanyang labi nang may karunungan at ang kanyang dila ay nagtuturo
nang may kagandahang-loob. (aleluya)

Ant. 2 Minahal mo ang matuwid, at dahil dito pinahiran ka ag Diyos, na iyong Diyos, ng langis
ng kagalakan (aleluya)

Salmo 45

Ang kasal ng hari

Ang kasintahang lalaki ay narito na; lumabas ka at salubungin mo siya (Mateo 25:6)

Kay gagandang pangungusap ang naroon sa isipan,
Habang aking hinahabi ang awit sa haring mahal;
Ang katulad ng dila ko ay panulat niyong paham,
Panulat ng mabubuting sumulat ng kasaysayan.

Sa lahat na ng nilikha ay makisig kang di hamak,
Kapag nagtatalumpati'y pambihira kang mangusap;
Pinagpala kang lagi ng Diyos sa iyong hangad.

O ikaw na haring bantog, isakbat mo ang sandata;
Malakas ka at dakila, sagisag mo'y maharlika.
Maglakbay kang mayron;ng dangal tungo sa pagtatagumpay,
Alang-alang sa matwid, ipagtanggol ang katwiran;

Tagumpay ay matatamo sa lakas mong tinataglay.
Palaso mo'y matatalim, pumapatay ng kaaway;
Susuko ang mga bansa at sa iyo ay gagalang.

Yaong tronong tinanggap mo na kaloob ng iyong Diyos,
Isang tronong magtatagal at hindi matatapos;
Matuwid kang maghahari sa bansa mong masasakop.

Ang matuwid ay mahal mo, sa masama'y mamumuhi;
Kaya naman ang iyong Diyos, tanging ikaw ang pinili;
At higit sa kaninuman ang galak mo'y tanging-tangi.

Sa damit mo'y nalalanghap, tatlong uri ng pabango,
Mira, aloe saka kasia na buhat sa ibang dako;
Inaaliw ka ng tugtog sa garing na palasyo mo.
O kay gagandang prinsesa ang katulong na dalaga,

Samantalang sa kanan mo, nakatayo yaong reyna,
Palamuti'y gintong lantay sa damit na suot niya.

Ant. Minahal mo ang matuwid, at dahil dito pinahiran ka ag Diyos, na iyong Diyos, ng langis ng kagalakan (aleluya)

Ant. 3 Nais ko na ipakilala ang iyong pangalan sa bawat salinlahi, at pupurihin ka ng mga tao magpakailanman (aleluya)

II

O kabiyak nitong hari, ang payo ko'y ulinigin;
Ang lahat mong kamag-anak at ang madla ay limutin.
Sa taglay mong kagandahan ang hari ang paibigin;
Siya'y iyong Panginoon, marapat na iyong sundin.

Yaong mga taga-Tiro, handog nila ay dadalhin,
Pati mga mayayaman sa iyo ay susuyo rin,
Ang prinsesa sa palasyo'y pagmasdan mo't anong ganda;
Sinulid na gintung-ginto ang niyaring damit niya.

Sa makulay niyang damit, sa hari ay pinapunta,
Haharap sa haring yaong mga abay ay kasama.
Sama-samang masasaya, ang lahat ay nagagalak
Na pumasok sa palasyo at sa hari ay humarap.
Darami ang iyong supling, sa daigdig maghahari,
Kapalit ng ninuno mo sa sinundang mga lahi,
Dahilan sa aking awit, ikaw nama'y dadakila,
Kailanma'y pupurihin nitong lahat na nilikha!

Ant. Nais ko na ipakilala ang iyong pangalan sa bawat salinlahi, at pupurihin ka ng mga tao magpakailanman (aleluya)

Nawa'y ang lahat ng pinagninilayan ng aking puso ay maitaas sa iyong harapan (aleluya)

- Panginoon, aking bato,, aking Manunubos (aleluya)

UNANG PAGBASA

Hango sa Unang Sulat ni San Juan Apostol

4:7-21

Minamahal kong mga kapatid, mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig. Ang bawat umiibig ay anak ng Diyos, at kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang suguin niya ang kanyang bugtong na Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya. Ito ang pag-ibig; hindi sa inibig natin ang

Diyos kundi tayo ang inibig niya at sinugo ang kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan.

Minamahal kong mga kapatid, yamang gayun kadakila ang pag-ibig ng Diyos sa atin, dpat din tayong mag-ibigan. Walang taong nakakita sa Diyos kailanman, ngunit kung tayo'y nag-iibigan, nasa atin siya at nagiging ganap sa atin ang kanyang pag-ibig.

Nalalaman nating nananatili tayo sa Diyos at siya naman sa atin, sapagkat pinagkalooban niya tayo ng kanyang Espiritu. Nakita naming at pinatotohanang sinugo ng Ama ang kanyang Anak bilang Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang nagpapahayag na si Hesus ang Anak ng Diyos ay nananatili sa kanya. Nalalaman natin at pinanaligan ang pag-ibig ng Diyos sa atin.

Ang Diyos ay pag-ibig. Ang nagpapatuloy na umiibig ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos. Ang pag-ibig ay nagiging ganap kung hindi natin kinatatakutan ang Araw ng Pghuhukom, sapagkat tayo'y tulad ni Kristo, kahit nasa daigdig pang ito. Walang kalakip na takot ang tunay na pag-ibig sapagkat pinapawi ng pag-ibig ang anumang pagkatakot. Hindi pa ganap ang pag-ibig ng sinumang natatakot, sapagkat ang takot ay kaugnay ng parusa.

Minamahal kong mga kapatid, tayo'y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin. Ang nagsasabing, "Iniibig ko ang Diyos," at napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Kung yaong kapatid na kanyang nakikita ay hindi niya maibig, paano niya maiibig ang Diyos na hindi nakikita? Ito ang utos na ibinigay sa atin ni Kristo: ang umiibig sa Diyos ay dapt ding umibig sa kanyang kapatid.

TUGUNAN

Nakilala natin at nakapasok tayo nang ganap sa pag-ibig ng Diyos para sa atin. "Siya na nabubuhay sa pag-ibig ay nabubuhay sa Diyos at ang Diyos ay sa kanya."

- Mahalin natin ang bawat isa, sapagkat nanggagaling sa Diyos ang pag-ibig. "Siya na nabubuhay sa pag-ibig ay nabubuhay sa Diyos at ang Diyos ay sa kanya."

IKALAWANG PAGBASA

Hango sa mga diskurso ni Bonifacia Rodriguez de Castro, Tagapagtatag, sa komunidad ng Salamanca noong Hwebes Santo.:

(Una at ikalawang diskurso. "Several Writings of the Congregation," pp. 55-61. Promanuscript, General Archives of the Siervas de San José)

Ang Pagsunod kay Jesus

Minamahal kong mga Kapatid,

Kung hindi natin susundan ang yapak ni Jesus, sino ang susunod sa Kanya? Si Jesus ay naghahanap ng sinumang makikiisa sa Kanyang pagdurusa, magmamahal sa Kanya at susunod sa Kanya, at tinawag Niya tayo para dito sa pamamagitan ng pagkakaloob sa atin ng bokasyong higit na mahalaga kaysa lahat ng mga yaman at kasiyahan ng mundo.

Kailangan nating pangalagaan ang dalawang uri ng pagkakaisa sa Diyos sa pamamagitan ng pag-alaala sa Kanya, panalangin at pagmamahal sa sakripisyo; at isa pa, ay ang pagkakaisa

natin sa pamamagitan ng pag-ibig, pantay na nagmamahalan sapagkat tayong lahat ay pantay-pantay sa harap ng Diyos.

Upang tayo ay maging kaisa ng Diyos, wala nang pinakamabuti kundi ang palagian lumakad sa Kanyang presensya. Ang Diyos ay nasa harapan ko at ako ay nasa harapan niya; Minamasdan niya ako, pinasisigla. O, kung maari sanang manatili ito nanag palagian sa ating kaisipan! Gaano kataimtim natin magagawa ang lahat ng bagay? Paano natin magagawang sukduhan ang lahat ng mga sandaling ipinagkaloob sa atin ng Kanyang kabutihan?

Nais kong sabihin sa inyo nang buong katapatan na inyong iwasan ang pagnanasang mapahalagahan at mapagbigyan. Kailanman ay huwag magkaroon ng ganitong interes sapagkat ang Diyos ay may nakalaang ganito para sa inyo. Ang tangi ninyong pag-aralan ay kung paano maging mabuti, na kayo ay nagmamahalan na at mamahalin nila kayo nang hindi ninyo hinihingi. Anong mga papuri ang nakuha ni Hesus? Mga pang-iinsulto at pang-aapi. At nanaisin ba ninyong mga bagay na ayaw ni Hesus?

Isaisip din na dapat higit na intidihin ng bawat isa sa inyo ang ugali ng inyong mga kapatid kaysa ng inyong mga sarili. Dapat na higit ninyong igalang ang kagustuhan ng iba kaysa inyo sa kadahilanang dapat tayo ay maging para sa lahat, sinusundan si Kristo na kinalimutan ang kanyang pagiging Diyos at maging isang tagapaglingkod, sapagkat Siya ay pumarito upang maglingkod at hindi upang paglingkuran siya.

Minamahal kong mga Kapatid, ating kalimutan ang mga kasalanang binigkas natin sa bawat isa at maging mapagbigay sa ating pagpapatawad.

Napakaraming bagay ang dapat nating matutunan mula kay Jesus, lalo na kung pagninilayan ang Kanyang pagpapakasakit sa krus! Halimbawang tunay ang ibinigay niya sa atin! Sa pagmasid sa Kanaya na tahimik at nagdurusa, bakit 'di natin isabuhay itong napakahalagang katahimikan? Noong tinukoy ng Ebanghelyo ang mga paninirang-puring isinakdal nila kay Jesus, sinabi nito na si Jesus ay nanahimik. Oo, mga Kapatid, nanahimik si Jesus upang turuan tayong manahimik.

Huwag nawang magkaroon ng mga sabi-sabi, mga reklamo o mga palihim na pag-uusap dahil ang apoy na ito ang siyang susunog sa ating bahay, na walang iba kundi ang ating kaluluwa.

Ilaan natin ang ating mga sarili sa pagbibigay ng mabuting halimbawa sapagkat higit itong makapagsisilbi kaysa lahat ng mga pagninilay at mga pagbasang espiritwal.

Kaya nga't mga Kapatid, magbigay tayo ng magandang halimbawa sa bawat isa at bilang simula ipinapangako ko ito sa harap ng Diyos at kayo na tumatayong aking mga saksi.

TUGUNAN, Fil. 2-5,3,2

R/ Isaloob ang kalooban ni Kristo. Laging ipalagay na mas mabuti ang iba kaysa inyo.

- * Huwag gumawa ng anumang bagay upang ipalagay lamang na kayo'y mas magaling o mas mabuti kaysa iba.

V/ Maghari sa inyo ang pagkakasundo, mabuklod kayo ng isang pag-ibig at maging isa kayo sa puso't diwa.

- * Huwag gumawa ng anumang bagay upang ipalagay lamang na kayo'y mas magaling o mas mabuti kaysa iba.

TE DEUM

Panalangin tulad sa Umaga

Panalangin sa Umaga

AWIT

SALTERYO

Ant.1 Mabuti Panginoon, ang makaisa mo at palagiang lumakad sa iyong harapan (aleluya).

Salmo 62

Ang kaluluwang uhaw sa Diyos

Ang sinuman na iniwan ang kadiliman ng kasalanan, ay uhaw sa Diyos.

O Diyos, ikaw ang aking Diyos na lagi kong hinahanap,
Ang uhaw kong kaluluwa'y tanging ikaw yaong hangad;
Para akong tuyonglupa na tubig ang siyas lunas.
Bayaan mong sa santwaryo, sa lugar na dakong banal,
Ikaw roo'y mamasdan ko, sa likas mong karangalan.

Ang wagas na pag-ibig mo'y mahigit pa kaysa buhay,
Kaya ako'y magpupuri't ikaw ang pag-uukulan.
Habang ako'y nabubuhay, ako'y magpapasalamat,
At ako ay dadalangin na kamay ko'y nakataas.
Itong aking kaluluwa'y kakaing may kasiyahan,
Magagalak na umawit ng papering iaalay.

Laman ka ng gunita ko samantalang nahihimlay,
Magdamag na ang palaging iniisip ko ay ikaw;
Pagkat ikaw sa tuwina ang katulong na malapit,
Sa lilim ng iyong pakpak galak akong umaawit.
Itong aking kaluluwa'y sa iyo lang nanghahawak,
Pagkat ako kung hawak mo, kaligtasa'y natitiyak.

Ant. Mabuti Panginoon, ang makaisa mo at palagiang lumakad sa iyong harapan (aleluya).

Ant. 2 Banal at mababang puso, pagpalain ang Panginoon (aleluya)

Awit

Daniel 3:57-88, 56

Purihin nawa ang Diyos ng lahat ng nilalang

Purihin ninyo ang ating Diyos kayong lahat na mga lingkod niya. (Pahayag 19:5)

Purihin ninyo ang Panginoon kayong lahat na mga nilikha,
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat, mga kalangitan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat, mga anghel ng Panginoon,
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat, mga tubig sa ibabaw ng langit;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, kayong lahat na bumubuo ng kanyang hukbo;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman..
Purihin ninyo ang Panginoon, araw at buwan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon mga bituin sa langit;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, mga ulan at hamog;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng hanging umiihip sa sandaigdigan;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, apoy at init;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, nakapapasong init at matinding lamig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga araw at gabi;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga hamog at niyebeng nalalaglag;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga arawa at gabi;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, liwanag at kadiliman;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, graniso at ginaw;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, yelo at niyebe;
Awitan ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga kidlat at mga lulap;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

O lupa, dakilain ang Panginoon;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga bundok at burol;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng tumutubo sa lupa;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga dagat at mga ilog;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, mga bukat ng tubig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga balyena at lahat ng nilikhang nasa tubig;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng ibon sa himpapawid;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga kawan at mga mailap na hayop;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Lahat ng tao sa daigdig, purihin ninyo ang Panginoon;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Purihin ninyo ang Panginoon, bansang Israel;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga saserdote ng Diyos;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, mga lingcod ng Panginoon;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, lahat ng mga banal at mababang-loob'
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ninyo ang Panginoon, Ananias, Azaria at Misael;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.

Pagpalin ang Ama at Anak at Espiritu Santo;
Awitan siya ng papuri at dakilain magpakailanman.
Purihin ka sa buong sangkalangitan;
Karapat-dapat kanga witan at dakilain magkailanman.

Ant. Banal at mababang puso, pagpalin ang Panginoon (aleluya)

Ant. 3 Mahal ng Panginoon ang kayang bayan at ginayakan ang mga aba ng tagumpay (aleluya)

Salmo 149

Ang galak ng banal na bayan ng Diyos

*Magalak nawa ang mga anak ng Iglesia at ng bagong bayan
kay Kristo, ang kanilang hari (Hesychius).*

Purihin ang Panginoon
O ang Panginoon ay purihin, awitan ng bagong awit,
Purihin sa pagtitipon ng tapat sa pananalig.
Magalak ka, O Israel, dahilan sa Manlilikha;
Dahilan sa iyong hari, ikaw Sion ay matuwa.
Purihin sa pagsasayaw, purihin ang kanyang ngalan;
Alpa't tambol ay tugtugin, at siya ay papurihan.

Ang Panginoon ay nagaglk sa kanyang mga hirang,
Sa nangagpakumbaba'y tagumpay ang ibibigay.

Sa tagumpay na natamo, magalak ang mga hirang,
Sa kanilang pagpipista ay magsaya't mag-awitan.
Sa pagpuri sa Panginoon, ay bayaang magsigawan
Na taglay ang matatalim na sundang sa mga kamay,

Upang yaong mga bansang nagmalabis ay gantihan,
At bigyan ang mamamayan ng parusang kailangan.
Sa ganito, ang kanilang mga hari'y papangawan,
At ang mga pangunahin sy kadenang yaring bakal.
Sang-ayon s autos ng Diyos, mga bansa'y magdurusa;
Ang tatanggap ng tagumpay, ay ang mga hirang niya.

Ant. Mahal ng Panginoon ang kayang bayan at ginayakan ang mga aba ng tagumpay (aleluya)

PAGBASA

Jer. 17: 7-8

Ngunit maligaya ang taong nananalig sa Poon, pagpapalain ang umaasa sa kanya. Ang katulad niya'y halamang nakatanim sa tabi ng batisan, mga ugat ay patungo sa tubig; hindi ito manganganib kahit dumating ang tag-init, sapagkat mamalaging luntian ang mga dahon nito, kahit di umulan ay wala itong aalalahanin; patuloy pa rin itong mamumunga.

TUGUNAN

Tutulungan siya ng Diyos sa pagbubukang-liwayway (aleluya, aleluya)

- Tutulungan siya ng Diyos sa pagbubukang-liwayway (aleluya, aleluya)

Kasama ang Panginoon sa kanilang gitna, hindi siya nag-aalinlangan (aleluya, aleluya)

Papuri sa Ama. . .

- Tutulungan siya ng Diyos . . .

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Ant. Tulad ni Jesus, manggagawa ng Nasaret, natagpuan ni Bonifacia ang Diyos sa kanyang karaniwang buhay ng paggawa (aleluya)

PANALANGIN PANGKALAHATAN

Papurihan natin ng may galak ang Panginoon na tumawag kay Santa Bonifacia na ipagpatuloy sa Iglesia ang buhay ni Jesus, ang manggagawa sa Nasaret, at iluhog sa kanya:

Pinupuri ka namin Panginoon, at nananalig kami sa iyo.

Pinasasalamatan ka namin Panginoon dahil sa iyong buhay sa Nasaret na nagtatrabaho kasama nina Jose at Maria,

- tinuruan mo kaming pabanalin ang aming mga sarili sa aming mga abang gawain.

Panginoong Jesus, palagiang mong ipinagpapatuloy ang iyong pagkilos sa mundo kasama ng Ama

- tulad mo, pagpatuloy nawa namin ang malikhaing gawain ng Diyos sa aming pang-araw-araw na ginagawa.

Tinawag mo si Santa Bonifacia na maging ilaw sa daigdig ng paggawa,

- kami nawa ay maging mabuting tagapamahala ng tinanggap na biyayang ito para sa kabutihan ng aming mga kapatid.

Isinugo ka upang dalhin ang magandang balita sa mga dukha,

- tulad ni Santa Bonifacia na sumunod sa iyong halimbawa, madama nawa namin ang udyok na subaybayan ang kanilang dangal at ipagpatuloy ang iyong mapagligtas na presensiya sa kanilang hanay.

Pinasasalamatan ka namin, Ama, Panginoon ng langit at lupa,

- dahil inilihim mo ito sa mga marunong at mga dalubhasa at ipinahayag ang mga ito sa mga maliliit.

Ama Namin

Panalangin

Diyos na aming Ama, tinawag mo si Santa Bonifacia, birhen, na sumunod sa iyong Anak sa kanyang tagong buhay at sa paglilingkod sa mga dukha pinag-uugnay ang panalangin at paggawa. Ipagkaloob mong pakundangan sa kanyang halimbawa'y matagpuan naming ang iyong paghahari sa buong sanlibutan at buong kagalakan naming makamit sa iyong tahanan ang pagpapala mong walang katapusan.

Sa pamamagitan ni Hesukristo aming Panginoon.

Panalangin sa Araw Bago Mag-Tanghali, Tanghali, Bago Mag-Takipsilim

**Karaniwang Panalangin para sa mga Banal na Kababaihan na may mga karagdagang salmo
Ang Panalanginay tulad ng sa Pang-umagang Panalangin**

Panalangin sa Takipsilim

AWIT

SALTERYO

Ant.1 Nawa ang lahat ng nagmamahal sa iyo, ay mabuhay nang mapanatag, Panginoon (aleluya).

Salmo 122

Ako ay nagalak, sa abing ganito:
“Sa bahay ng Panginoon ay pumasok tayo”
Sama-sama kami matapos sapitin,
Yaong Jerusalem, kay gand ng any,
Maganda ang ayos nang muling matayo.

Dito umaahon ang lahat ng angkan,
Lipi ni Israe upang manambahan.
Ang hangad , ang Panginoon ay pasalamatan,
Pagkat ito’utos na dapat gampanan.
Doon din naroon ang mga hukuman
At trono ng haring hahatol sa tanan.

Ang kapayapaan nitong Jerusalem,
Sikaping sa Panginoon ya’y idalangin:
“Ang nangagmamahal sa iyo’y pagpalain.
Pumayapa nawa ang banal na bayan,
At ang palasyo mo ay maging tiwasay.”

Dahilan sa aking kasama’t katoto,
Sa ‘yo Jerusalem, ang sabi ko’y ito:
“Ang kapayapaa’y lagging sumaiyo.”
Dahilan sa templo ng Panginoong ating Diyos,
Ang aking dalangi’y umunlad kang lubos.

Ant. Nawa ang lahat ng nagmamahal sa iyo, ay mabuhay nang mapanatag, Panginoon (aleluya).

Ant. 2 Pinagbubunga ng Panginoon ang mga gawa ng ating mga kamay (aleluya).

Salmo 127

Malibang ang Panginoon ang gumawa nitong bahay,

Ang ginawa ng nagtyo ay wala ring kabuluhan;
Ang lungsod na hindi ang Diyos ang s'yang magsasanggalang,
Walang saysay ang narooong nakatayong mga bantay.
Di na dapat magpahirap, magdibdib sa hanapbuhay,
Agang-agang mag-umpisa't gabing-gabi kung humimlay,
Pagkat pinagpapahinga ng Panginoon ang kanyang mahal.

Kaloob ng Panginoon ito ating mga bata,
Ang ganitong mga supling ay tunay na pagpapala.
Ang lalaking mga anak sa panahong kabataan,
Ang katulad ay palaso sa kamay ng isang kawal.

Mapalad ang isang taong mapalasong tulad niyan,
Hindi siya malulupig, at malayong mapipilan,
Kung sila man ng kalaban ay magtagpo sa hukuman.

Ant. Pinagbubunga ng Panginoon ang mga gawa ng ating mga kamay (aleluya).

Ant. 3 Mula sa kanyang kaganapan nakatanggap tayo ng sunud-sunod na pagpapala (aleluya).

Awit

Efeso 1: 3-10

Magpasalamat tayo sa Diyos
at Ama ng ating Panginoong Hesukristo!
Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espiritwal
Dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo.

At sa atin ngang pakikipag-isang ito;
Hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan
Upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya.
Dahil sa pag-ibig ng Diyos,
Tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya
Sa pamamagitan ni Hesukristo.

Iyan ang kanyang layunin at kaloban.
Purihin natin siya
Dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin
Sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Tinubos tayo ni Kristo sa pamamagitan ng kanyang kamatayan
At sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan.
Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin.

Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran
Upang lubos nating maunawaan
Ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan

Sa pamamagitan ni Kristo pagdating ng takdang panahon.

Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Kristo
Ang lahat ng nasa langit at nasa lupa.

Ant. Mula sa kanyang kaganapan nakatanggap tayo ng sunud-sunod na pagpapala (aleluya).

PAGBASA

1 Corinto 1: 27-30

Mga kapatid, alalahanin ninyo ang inyong katayuan nang kayo'y tawagin ng Diyos. Iilan lamang sa inyo ang sa paningin ng sanlibutan ay marunong, makapangyarihan at maharlika. Subalit pinili ng Diyos ang sa palagay ng sanlibutan ay kahangalan upang hiyain ang marurunong, at ang mahihina sa turing ng sanlibutan upang hiyain ang malalakas. Pinili niya ang mga itinuturing na hamak, walang halaga, at walang kabuluhan sa sanlibutang ito upang pawalang-halaga ang mga itinuturing na dakila ng sanlibutan. Kaya't walang maaring magmalaki sa harapan ng Diyos. Sa kanya mula ang ating pakikipag-isa kay Kristo Hesus, na ginawang karunungan natin. Sa pamamagitan niya, tayo'y pinawalang-sala ng Diyos, pinapaging-banal at iniligtas. Kaya nga, tulad ng nasasabi sa Kasulatan, "Ang Panginoon ang dapat ipagmalaki ng may ibig magmalaki."

TUGUNAN

Panginoon, hindi palalo ang aking puso ni mapagmataas ang aking mga mata (aleluya, aleluya)

- Panginoon, hindi palalo ang aking puso ni mapagmataas ang aking mga mata (aleluya, aleluya)

Panginoon, hindi ako naghahangad ng kadakilaang lampas sa aking kakayahan (aleluya, aleluya)

Papuri sa Ama.

- Panginoon, hindi palalo....

PAPURING AWIT NI MARIA

Ant. Si Jesus ay humahanap ng taong handang makidusa sa Kanya, mahal in Siya at sumunod sa Kanya.

PANALANGING PANGKALAHATAN

Sa pagdiriwang ng kapistahan ni Santa Bonifacia, magpasalamat tayo sa Diyos na Ama dahil nilingap iya sa kanyang kababaan habang sinasabi natin:

Nawa'y purihin ka ng iyong bayan, Panginoon

Pinasasalamat ka namin, Ama, dahil pinagpala mo kami kay Kristo

- kasama ang lahat ng uri ng mga biyayang espiritwal at makalangit

Pinasasalamat ka naming dahil pinili ni Santa Bonifacia ang daan ng pag-ibig

- na siyang bigkis ng ganap na pagkakaisa.

Tulad niya, matuto nawa tayong isabuhay ang kabutihan ng pananahimik at kalimutan ang mga pagkakasalang maari nating naipabata sa bawat isa at hindi sana tayo maging maramot sa pagpapatawad

- upang maisabuhay natin ang malalim na karanasan ng pagpapatawad na iniaalay ng Diyos sa atin.

Na sa aming pag-ibig sa isa't-isa, makilala nawa kami na iyong mga disipulo, Panginoon, ayon sa iyong pagnanasa,

- upang maipakita nawa ng Iglesia ang mapagmahal na mukha ng Ama.

Umaasa kami, Ama, na sa pagbuhay mo sa iyong Anak

- buhayin mo muli yaong mga namatay, at gawin mo silang kasalo sa iyong pag-ibig at kagandahang-loob.

Ama Namin...

Panalangin

Diyos na aming Ama, tinawag mo si Santa Bonifacia, birhen, na sumunod sa iyong Anak sa kanyang tagong buhay at sa paglilingkod sa mga dukha pinag-uugnay ang panalangin at paggawa. Ipagkaloob mong pakundangan sa kanyang halimbawa'y matagpuan naming ang iyong paghahari sa buong sanlibutan at buong kagalakan naming makamit sa iyong tahanan ang pagpapala mong walang katapusan. Sa pamamagitan ni Hesukristo aming Panginoon.